

**SUSOG SA KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP 10 (2019) PAGPAPATIBAY SA
KOMPREHENSIBONG PAGSISIKAP PARA SENSO NG 2020**

SAPAGKAT, ang Kautusang Tagapagpaganap 10 (2019) ay itinatag ang Opisina ng Senso sa loob ng Kagawaran ng Serbisyong Pantao ng Illinois (“Opisina ng Senso”) at ang Census Advisory Panel (ang “Panel”) at ang Kautusang Tagapagpaganap 1 (2020) ay iniwasto ang Kautusang Tagapagpaganap 10 (2019); at,

SAPAGKAT, and Opisina ng Senso at ang Panel ay itinatag upang makatulong na matiyak ang isang kumpleto at tumpak na pagbibilang para sa Senso ng 2020 sa Estado ng Illinois; at,

SAPAGKAT, dahil sa pandemya na dulot ng COVID-19, ang U.S. Census Bureau ay sinuspinde ang lahat ng mga operasyon sa labas mula Marso 2020 hanggang sa Hunyo 1, 2020, sa pagsisikap na protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga empleyado ng U.S. Census Bureau at ang publiko; at,

SAPAGKAT, bilang resulta ng COVID-19 at ang antala sa mga operasyon ng Senso, ang U.S. Census Bureau ay pinahaba ang takdang oras para sa pagkolekta ng field data at pagtugon sa sarili para sa Senso ng 2020 mula Hulyo 31, 2020 hanggang Oktubre 31, 2020 upang makatulong na matiyak ang isang kumpleto at tumpak na pagbibilang para sa Senso;

SAMAKATWID, Ako, si JB Pritzker, Gobernador ng Illinois, sa pamamagitan ng bisa ng ehekutibong awtoridad na ipinagkaloob sa akin ng Artikulo V ng Saligang Batas ng Estado ng Illinois, sinususunod ang Kautusang Tagapagpaganap 10 (2019) tulad ng sumusunod:

I. Census Advisory Panel

Dahil sa pinahabang takdang oras ng U.S. Census Bureau para sa Senso ng 2020 dahil sa pandemya na dulot ng COVID-19, ang Census Advisory Panel ay dapat magpatuloy sa paglilingkod bilang isang advisory board sa Opisina ng Senso sa loob ng Kagawaran ng Serbisyong Pantao ng Illinois upang makatulong na matiyak ang isang kumpleto at tumpak na pagbibilang sa Illinois habang ang mga operasyon para sa 2020 U.S. Census ay isinasagawa. Ang Panel ay dapat magpatuloy sa paglilingkod bilang isang advisory board at tugunan, tulad ng nakikita na kinakailangan, hanggang Disyembre 2020 at matatapos at ititigil, epektibo Disyembre 31, 2020.

II. Sugnay ng Pagtatapos

Walang anuman sa Kautusang Tagapagpaganap na ito ay maaaring magpakahulugan upang salungatin ang anumang pederal at pang-Estadong batas o regulasyon. Walang anuman sa Kautusang Tagapagpaganap na ito ang makakaapekto o mababago ang umiiral na mga kapangyarihang ayon sa batas ng anumang ahensya ng Estado o magpakahulugan bilang muling pagtatalaga o muling pag-aayos ng anumang ahensya ng Estado.

III. Mga Naunang Kautusang Tagapagpaganap

Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay pumipigil sa anumang salungat na probisyon ng anumang naunang Kautusang Tagapagpaganap.

IV. Sugnay ng Pagwawakas

Kung may anumang bahagi ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay natagpuan na hindi wasto ng korte ng karampatang hurisdiksyon ang natitirang mga probisyon ay dapat manatili nang lakas at epekto. Ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap ay maaaring matapos.

V. Epektibong Petsa

Ang Kautusang Tagapagpaganap ay magkakabisa agad pagkatapos isalin ng Kalihim ng Estado.

JB Pritzker, Gobernador

Inisyu ng Gobernador: Hulyo 9, 2020

Isinalin ng Kalihim ng Estado: Hulyo 9, 2020